

**Mensahe sa Pasko ng Pagkabuhay
Ni Patriyarka KIRILL ng Moscow at Buong Rusya
Para sa Pangkalahatan Pastol, Mga Pastol, Diyakono, Monghe,
at Lahat ng Matapat na Anak ng Russian Orthodox Church**

**Mga minamahal sa Panginoon: archpastors, kagalang-galang mga Pari at Diyakono,
mga monghe at madre nagmamahal sa Diyos, mga minamahal kong mga kapatid sa
Panginoon Diyos!**

Malugod kong ipinababatid sa inyong lahat na mga Totoong Kristiyano (Orthodox Christians) na naninirahan sa lahat ng panig ng daigdig, na ngayon ay nagkakatipon sa loob ng Tunay na Iglesya (Orthodox Church) o nagdarasal sa kanilang tahanan- ang aking pagbati nang buong kagalakan sa dakilang pagdiriwang ng Banal na Pasko ng Pagkabuhay, at ipahayag ang matagumpay na mensahe ayon sa sinaunang tradisyon:

SI KRISTO AY MULING NABUHAY!

Sa ganitong salita napapaloob ang matagumpay na pangangaral ng Banal na Iglesya ayon sa mabuting balita ng kaligtasan nagmula sa Diyos mismo, at patuloy na ipinapangaral nang may dalawang libong taon na. Ang ganitong mensahe kinapapalooban ang alab ng ating pananampalataya, ang tibay ng pag-ibig, ang pundasyon ng pag-asa, ang batong-panulukan ng Iglesya, ang puso ng mensahe ng Bagong Tipan sa buong daigdig, ang di-malirip na sinag ng kaliwanagan at ang bukal ng inspirasyon, ang puso ng buhay-Cristiano at ang ating buong kinabukasan.

Anuman nagaganap sa pabago-bagong lipunan, na walang-kapanatagan at magulong daigdig, anuman kahirapan at panganib masuongan natin, ating nalalaman, pinaniniwalaan at ipinangangaral na ang kagalakan ng Pasko ng Pagkabuhay ng Panginoon Tagapagligtas ay nananatiling totoo at laging-matagumpay.

Anong kahulugan nitong dakilang pagdiriwang ng Kristiyano? Sa anong ngalan at dahilan bakit naparito sa daigdig ang Anak ng Diyos, “*nag-anyong alipin*” (Filipos 2:7), nagbata ng kahirapan, ipinako sa krus, at muling nabuhay mula sa patay? At ano ang dapat natin gawin bilang tao nasa panahon ng ika-21 siglo upang tayo ay makibahagi at magmana ng Tagumpay ni Kristo laban sa kamatayan?

Ang Banal na Iglesya na may sagot sa lahat ng tanong, nakatayong saksi na ang Anak ng Diyos na nagkatawang-tao at isinilang ng Pinakamapalad na Birhen Maria ay ganito ang patotoo: “*ginapos ang impiyerno, si Adan ay nabawi sa kamatayan, ang sumpa ay nawalang-bisa, si Eba ay pinalaya, nagapi ang kamatayan, at tayo ay binigyan ng buhay*” (Sunday Theotokion, Stichera at the Praises, tone 2). Totoo nga, ang Panginoon Diyos ang nagpapalakas sa atin ng Kanyang pagmamahal, pinapawi ang ating takot sa kamatayan at kabulukan, ginagamot ang ating sakit sa kaluluwa at kahinaan ng katawan, tinutulungan tayo sa anuman kahirapan at pagsubok, inaaliw tayo sa ating mga dalamhati at kalumbayan, ginagabayan tayo sa landas ng kaligtasan patungo sa buhay na walang-hanggan makakapiling tayo ng Diyos at “*papahirin Niya ang kanilang mga luha. Wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit sapagkat lumipas na ang dating mga bagay*” (Pahayag 21:4)

Matapos gampanan ang gawain ng pagliligtas sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo sa krus at maluwalhating Muling Pagkabuhay, nabuksan ng Panginoon ang pintuan ng langit para sa lahat. Mula noon at sa kasalukuyan, bawat tao ay nabigyan ng pagkakataon na yakapin nang buong puso si Kristo ang tunay na Panginoon Diyos at Tagapagligtas na nagkakaloob ng mapagpalang sigla upang tahakin ang buhay na kalugud-lugod at masiglang makibahagi sa pagbabagong-anyo ng daigdig.

Nasasalamon ni San Nicholas ng Serbia, ang bantog na teyologian sa panahon, ang kahulugan ng piyesta ng Muling Pagkabuhay, kanyang isinulat: *“Si Kristo ay muling nabuhay – nangangahulugan na ang buhay ay mas malakas kaysa kamatayan. Si Kristo ay muling nabuhay- nangangahulugan na ang mabuti ay mas mabisa kaysa masama. Si Kristo ay muling nabuhay – nangangahulugan na ang lahat ng kahirapan ay natugunan”* (Thoughts on Good and Evil). At ang galak ng Muling Pagkabuhay ay ang kagalakan ng komunyong sa Diyos at *“mabuhay sa isang bagong pamumuhay”* (Roma 6:4) na batay sa kabutihan at katarungan ang humihipo sa milyong Kristiyano, nagpapasigla sa marami na gumawa ng kabutihan ng pagmamahal at kalinga sa kapwa, tumutulong na malampasan ang katunggali, inaaliw sa kanilang kalumbayan, nagbibigay ng pag-asa sa mga namimighati at pinalalakas ang mga nagdadalamhati.

Sa araw ng maningning na Pasko ng Pagkabuhay, ang ating mga panalangin alay sa Diyos ay para sa mga tao sa gitna ng giyera. Bilang Kristiyano hindi natin ipinagwawalang-bahala ang mga kaguluhan at kahirapan ng ating mga kapatid na ang mga puso ay inaaapoy ng galit sa kapwa. Kaya’t nagsusumamo tayo sa Panginoon na mula sa Kanyang awa’t habag ay pagalingin ang mga sugat ng kaluluwa at sakit ng katawan, aliwin ang bawat nalulumbay at pagkalooban ng mahabang kapayapaan ang mga kalahing kapatid na isinilang mula sa isang bautismo ng Diniper.

Ang buhay sa daigdig ng Tagapagligtas ay puno ng kahihirapan at puspos ng pag-ibig sa sangkatauhan. Gayundin, tayo ay tinatawagan upang makatulad sa Kanyang paglilingkod sa ating kapwa. Sapagkat anuman kabutihan kahit konting kabutihan-asal, bawat kaunting sikap na mahigtan natin ang ating pagka-makasarili alang-alang sa kapwa, ay nakalalapit tayo sa Diyos- ang Bukal ng buhay at walang-kamatayan --- at sa gayon ay nagdudulot sa ating ng ibayong kasiyahan.

Nawa ang Panginoon na Muling-Nabuhay ayon sa Kanyang tuwiran pangako na manatiling kapiling ng Kanyang mga alagad *“hanggang sa katapusan ng daigdig”* (Mateo 28:20) ay mapabilang tayo, na bagamat makasalanan at maysakit ay nauuhaw kamtin ang katuwiran at naghahangad ng kaligtasan, sa Makalangit na kaharian na inihanda... *“mula pa nang itinatag ang daigdig”* (Mateo 25:34)

Taos-pusong pakinggan natin ang malayang boses ng Iglesya na nananawagan sa atin ayon kay Banal na Apostol Pablo na *“ipagdiwang ang Paskuwa, ngunit hindi sa pamamagitan ng tinapay na may lumang lebadura ng kasamaan at kahalayan, kundi sa pamamagitan ng tinapay na walang lebadura, sagisag ng kalinisan at katapatan”* (I Corinto 5:8). Ating pakinggan at pagsikapang mamuhay ayon sa Banal na Utos, ayon sa katuwiran ng Ebanghelyo, na ang mabubuting-gawa sa buong-buhay natin ang magsilbing saksi sa harapan

ng mga taong malapit o malayo na si Kristo ay totoong muling nabuhay, at sa Kanya nauukol ang lahat ng kaluwalhatian, papuri at pagsamba magpakailanman. Amen.

**+ KIRILL
PATRIYARKA NG MOSCOW AT BUONG RUSSIA**

*Easter
2023*